# PAGBABAKUNA LABAN SA COVID-19 AT PARA SA MGA BATA



## Mahalaga ang pagbabakuna sa mga bata! Maaaring magkaroon din ng COVID-19 ang mga bata.

- Nakakatulong ang mga bakuna laban sa COVID-19 na maiwasang magkasakit, maospital, at magkaroon ng mga komplikasyon mula sa virus ang mga bata.
- Maaaring mabakunahan din ang mga batang nagkaroon na ng COVID-19 dahil ang kanilang kaligtasan mula sa sakit (proteksyon) ay bumababa sa paglipas ng panahon.



## Ligtas ang mga bakuna laban sa COVID-19 para sa mga batang 6 na buwan pataas.

- Hindi makakakuha ng COVID-19 ang mga bata mula sa bakuna.
- Ligtas ang mga sangkap sa mga bakuna laban sa COVID-19.
- Ang pagkuha ng bakuna laban sa COVID-19 ay mas ligtas at mas maaasahang paraan para makabuo ng proteksyon kaysa magkasakit mula sa virus.



## Maaaring may mga side effect.

- Ang mga bakuna, tulad ng mga gamot, ay may mga side effect na maaaring tumagal ng ilang araw ngunit kadalasan ay banayad lang (hal., pananakit kung saan ang iniksiyon, pagkaantok, atbp.). Walang side effect sa ilang bata.
- Kung nag-aalala ka tungkol sa mararamdaman ng iyong anak pagkatapos makakuha ng bakuna, tawagan ang iyong provider ng pangangalagang pangkalusugan.



## Maghanap ng mga bakuna laban sa COVID-19.

- Para makahanap ng **mga libreng bakuna** at mga lokasyon sa pagbabakuna, bisitahin ang nj.gov/health/vaccines/covid-19 o i-scan ang QR code.
- Maaari mo ring bisitahin ang vaccines.gov.

**Para sa higit pang impormasyon, makipag-usap sa iyong provider ng pangangalagang pangkalusugan o bisitahin ang cdc.gov/covid/vaccines/stay-up-to-date.html.**

Marso 2025